# ANG PAGPILI NG PALAHIANG BABOY

Ang tamang pagpili ng inahin ay mahalaga sa ikatatagumpay ng pagbabuyan. Upang magkaroon ng malusog na biik importante na mataas na uring inahin at barako ang magamit sa pagbababuyan mula pa lamang sa umpisa. Ito ay makakatulong upang lumago ang iyong hanapbuhay. Makatitipid ka pa sa mga gastusin sa produksyon. Ang mahalagang tandaan dito ay ito: **Ang magandang klase ng biik na iyong tatamasahin ay makakakuha ng magandang presyo sa kalakalan.**

---

## PISIKAL NA BASEHAN NG PAGPILI

Sa pagpili ng mga magiging inahin mahalagang malaman ang mga sumusunod:

1) **TAMANG KAAYUSAN NG SUSO** - Mahalaga na ang magiging inahin ay mayroon pitong paris at tamang agwat ng suso upang ang mga anak nito ay lumaking malusog na may tamang timbang.

2) **HABA NG KATAWAN** - Ang mahabang katawan ay isang mabuting katangian sapagka't maganda ang magiging ayos ng mga suso at ang mga biik ay hindi gaanong magsisiksikan kung nagsisisuso sa inahin.

3) **LAPAD AT HUBOG NG KATAWAN** - Ang katawan nito ay dapat may regular na lapad mula sa harapan hanggang likod. Ngunit ang katawan na malapad hanggang pigi ay mas mainam. Dapat din na may malapad at matibay na tadyang.

4) **MAAYOS, MALUSOG AT MALAPAD NA BALIKAT, HITA AT PIGI** - Ang tamang kaayusan ng balikat, hita at pigi ay mahalaga dahil dito nakukuha ang mga mataas na uri ng karne tulad ng porkchop, ham, at bacon.

5) **PAA AT BINTI** - Kailangan din ng mga inahin ang malakas at matatag na mga paa at binti upang hindi mahirapang kumilos lalo na kung ito ay malaki na ang kabuntisan o kung may pinasusunsong mga biik.

6) **LAKI** - Laging tandaan na piliin ang pinakamalaki sa lupon ng isang anakan. Mas nakakatipid at mas kikita kung magaalaga ka ng baboy na malaki para sa kanyang edad. Ang laki ng baboy ay laging nadadala hanggang pagtanda nito.

7) **ABILIDAD SA PAGGAGATAS** - Ang paglaki at pagiging masigla ng biik ay namamana sa inahin. Dapat ding sagana ang gatas nito. Ang di paglabas ng tamang dami ng gatas ay isa sa mga dahilan para di lumaki ang biik.

8) **MINANANG SAKIT AT KAPANSANAN** - Pumili ng masigla na baboy mula sa malusog na paanakan. Huwag pumili ng inahin o barako na galing sa isang paanakan na may sakit o kapansanan.

## PAGPILI BASE SA GALING NG PAGLAKI AT PAGPAPARAMI

Ito ang mga dapat gawing gabay sa pagpili ng tamang baboy.

1) **MAGALING KUMAIN** - Ang mahusay na paggamit ng feed o pakain ay isang mahalagang katangian ng isang baboy. Kapag konting feed lamang ang kinakailangan ng baboy upang lumaki at bumigat ang timbang nito ay makakabuti sa negosyante dahil mas kikita siya dito ng husto.

2) **MABILIS NA PAGLAKI** - Ang mas mabilis na paglaki ng baboy ay maraming ibig sabihin - a. Mas maiksi ang oras ng pagpapakain, b. - nababawasan ang panganib na madapuan ng sakit at mas mababang paggastos sa pag-alaga ng mga baboy. Dahil dito mas malaki ang kikitain mo.

3) **GANDA NG LAMAN O KARNE** - Ang magandang uri ng karne na ibibigay ng isang baboy ay maaaring makita sa kapal ng taba at likod nito.

## KAILAN DAPAT PAKASTAHAN:

Paminsan-minsan ang mga dumalagang baboy ay naglalandi kahit 4 na buwan lamang. Ang dumalagang baboy ay di dapat pakastahan kung wala pa sa 8 buwan ang edad na ang tamang timbang ay 90-100 kilos. Kung hindi ay mag-aanak ito ng konting biik lamang na magaang ang timbang at sakitin pa. At pag ito'y naging punla na at nabuo, sadyang mahihina ang mga ito. Mahihirapan pati ang inahing baboy sa pagbubuntis at pag-papagatas. Subalit kapag mas maraming beses na naglandi ang dumalagang baboy, mas marami itong iaanak na biik sapagka't ang pag-ovulate o ang pagbaba ng itlog galing sa ovario ng inahin ay nadadagdagan sa bawa't paglalandi nito hanggang isang taong gulang. Mas marami ang magiging anak ng inahin kapag ito ay binabakuran sa pangalawa at pangatlong araw ng paglalandi. hanggang sa dalawang biik ang maaaring madagdag sa bawa't paanakan kapag ganito ang gagawin.

## SUKAT NG KULUNGAN:

Upang makamtan ang tamang paglaki ng alagang baboy dapat ayusin ng tagapag-alaga ang tamang sukat ng kulungan sa laki at timbang ng baboy.

Tamang kaayusan at disenyo ng kulungan para sa matagumpay na pagbababuyan

**FARROWING HOUSE**

| | Boar | Sows | Gilts | Young Sow w/ Litter | Mature Sow w/ Litter | Pig 10-20 kg. | Pig 21-40 kg. | Pig 41-70 kg. | Pig 71-100 kg. |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pen size (minimum) sq. ft. | | 20 | 17 | 48 | 64 | – | – | – | – |
| Stall size (total), sq. ft. | | – | 42 | 42 | – | – | – | – | – |
| Stall width, inch | | – | – | 20 | 24 | – | – | – | – |

**GROWING / FINISHING HOUSE**

| | Boar | Sows | Gilts | Young Sow w/ Litter | Mature Sow w/ Litter | Pig 10-20 kg. | Pig 21-40 kg. | Pig 41-70 kg. | Pig 71-100 kg. |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Solid floor (total), sq. ft. | | – | – | – | – | 5-6 | 6-8 | 7-9 | 9-12 |
| Daily water needs, gal. | 5.0 | 4.5 | 4.0 | 6.0 | 6.0 | 0.75 | 1.50 | 1.75 | 2.25 |
| Daily feed consumed, kg. | 2-3 | 2-3 | 2-3 | 3-5 | 6.5 | 0.5 - 1.0 | 1.0 - 1.5 | 1.5 - 2.0 | 2-3 |